Para sa mga dayuhang residente / mga kararating lamang sa Japan

National Health Insurance (NHI): Ang sistemang nagsisilbing haligi ng health care sa Japan

Tinitiyak ng sistemang ito ang access sa health care para sa inyo at inyong pamilya kung sakaling magkasakit o masugatan.

Ang sinumang naninirahan sa Japan, anuman ang nasyonalidad, ay obligadong mag-enroll sa sistema ng public health insurance. Bagama't mandatoryo ang pagbabayad ng insurance premiums upang masaklaw rito, tinitiyak ng sistemang ito ang access sa pangangalagang medikal nang mas kaunti ang pinansyal na pasanin kapag kayo at ang inyong pamilya ay nagkasakit o nasugatan.

Mga pakinabang ng public health insurance

- Kapag pumunta kayo sa ospital o klinika, karaniwang 30% lamang ng kabuuang gastusing medikal ang inyong babayaran. Saklaw ng insurance ang natitirang 70%, na nagpapababa nang malaki sa mga gastusing medikal na magmumula sa sariling bulsa.
- Ang insurance ay nagbibigay ng mga karagdagang programa upang makatulong na maprotektahan ang inyong araw-araw na pamumuhay, tulad ng pinansyal na suporta kung sakaling malaki ang gastusing medikal.

Magkakaiba ang mga uri ng public health insurance depende sa inyong trabaho at edad. Ang National Health Insurance ay pangunahing para sa mga hindi sakop ng health insurance ng mga empleyado o ng medical system para sa mga taong 75 o higit pa ang edad. Ang mga maaaring kumuha ng insurance na ito, kabilang ang mga self-employed na manggagawa, mga estudyante, mga taong walang trabaho, at mga dayuhang residente na mananatili sa Japan nang higit sa tatlong buwan, ay kinakailangang mag-enroll sa insurance na ito.

Sino ang mga kinakailangang mag-enroll sa National Health Insurance?

Kinakailangan kayong mag-enroll sa National Health Insurance kung kayo ay nakatira sa Japan at napapailalim sa ALINMAN sa mga sumusunod na kategorya.

Mga self-employed na manggagawa, mga magsasaka, mga mangingisda, mga estudyante, o mga taong walang trabaho

Mga taong nagretiro na at umalis sa kanilang health insurance ng mga empleyado

National Health Insurance


Mga dayuhang residente na mananatili sa Japan nang higit sa tatlong buwan

Mga taong hindi naka-enroll sa health insurance ng mga empleyado o sa medical system para sa mga taong 75 o higit pa ang edad

Paano pinopondohan ang National Health Insurance?

Paano tinutustusan ang mga gastusing medikal?

Ang mga gastusing medikal sa ilalim ng National Health Insurance ay pinopondohan ng insurance premiums na binabayaran ng mga miyembro nito at ng pampublikong pondo, kabilang ang kita mula sa buwis. Kalahati (50%) ng kabuuang gastusing medikal sa ilalim ng sistema ng National Health Insurance ay pinopondohan ng pampublikong pondo.



Binabayaran ng mga miyembro

Binabayaran ng pambansa at lokal na pamahalaan

Ang insurance na ito ay naglalaan ng sistema kung saan sinusuportahan ng lipunan sa kabuuan ang health care habang binabawasan ang pasanin sa mga indibidwal.

Mga Benepisyong Ibinibigay ng National Health Insurance at Paano Makatanggap ng Pangangalagang Medikal

Kung naka-enroll sa National Health Insurance, ipakita ang inyong My Number Card o Health Insurance Eligibility Certificate sa reception desk kapag magpapagamot para sa sakit o pinsala sa institusyong medikal. Karaniwang kailangan lamang ninyong bayaran ang bahagi (karaniwang 30%) ng mga gastusing medikal.

Sa ilalim ng National Health Insurance, maaari ninyong matanggap ang mga sumusunod na benepisyo.

- Pangangalagang Medikal tulad ng mga konsultasyon, paggamot, at reseta sa institusyong medikal
- Gastos sa pagkain habang nasa ospital
- Mga benepisyo para sa malaking gastusing medikal: Kung maging napakalaki ng mga gastusing medikal na magmumula sa inyong sariling bulsa, ire-reimburse ang halagang lampas sa takdang hangganan.

Ang mga miyembro ng National Health Insurance ay kinakailangang magbayad ng insurance premiums.

Kinakalkula ang insurance premiums batay sa inyong kita noong nakaraang taon at kalagayan ng sambahayan. Magkakaiba ang halaga ng premiums at paraan ng pagkalkula sa bawat munisipalidad.

Kung hindi ninyo mabayaran ang inyong premiums, padadalhan kayo ng inyong munisipalidad ng abiso ng paalala.

Kung matagal na kayong hindi nagbayad, maaaring harapin ang mga sumusunod na disbentahe.

- Maaaring samsamin ang inyong ari-arian.
- Maaaring limitahan ang inyong mga benepisyo. Maaaring kailanganin ninyong bayaran ang buong halaga ng mga gastusing medikal sa institusyong medikal. Sa ganitong kaso, makakatanggap kayo ng reimbursement kung matugunan ninyo ang ilang kondisyon.
- Isasaalang-alang ang inyong katayuan sa pagbabayad kapag magre-renew kayo ng period of stay sa Japan o magpapalit kayo ng Status of Residence.

Pakibayaran ang inyong premiums hanggang sa takdang petsa.

Tanong at Sagot

Q1. Dumating ako sa Japan mula sa isang bansang may kasunduan sa Japan tungkol sa social security. Kailangan ko bang mag-enroll sa National Health Insurance?

May mga kaso kung saan maaaring hindi ninyo kailangang mag-enroll sa National Health Insurance. Mangyaring makipag-ugnayan sa tanggapan ng National Health Insurance sa inyong munisipalidad at itanong kung kailangan ninyong mag-enroll.

Q2. Kailan ang deadline ng pag-enroll sa National Health Insurance pagkatapos kong magretiro at umalis sa health insurance ng mga empleyado?

Pakikumpleto ang kinakailangang proseso sa tanggapan ng National Health Insurance sa inyong munisipalidad sa loob ng 14 na araw.

Q3. Ano ang dapat kong gawin kapag nahihirapan akong magbayad ng insurance premiums?

Kung nahihirapan kayong magbayad ng premiums o mga gastusing medikal na magmumula sa sariling bulsa dahil sa kadahilang pinansyal, maaari kayong makatanggap ng bawas o magbayad nang hulugan. Sa ganitong mga kaso, mangyaring kumonsulta sa lokal na tanggapan ng munisipalidad sa lalong madaling panahon.



ひと、くらし、みらいのために
厚生労働省
Ministry of Health, Labour and Welfare